

NIZ Balitaan

Pagpapaigting
ng programang
pagkakalabawan sa
Brgy. Buliran... p2

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

Mga piling miyembro ng 2 asosasyon, pinagkalooban ng kalabaw ng PCC

Ni Charlene Joanino

Inaasahang mas lalo pang mapatataas ang produksyon ng gatas sa Nueva Ecija sa pamamagitan ng programang “buy-back” ng PCC. Sa katunayan, 17 na kalabaw ang naipagkaloob kamakailan lang sa dalawang katatatag na asosasyon ng mga magsasakang-maggagatas sa lalawigan.

Ayon kay Wilma T. Del Rosario, NIZ *coordinator*, magpapahiram ng mga kalabaw sa ilalim ng programang “buy-back” sa mga magsasakang interesado sa paggagatas. Ang mga ipahihiram na kalabaw ay bibilhin ng PCC mula sa mga dati na nitong inaasistehang magsasaka.

Isa ang Bongabon Dairy Producer’s Association sa nakatanggap ng anim na kalabaw noong Agosto 6 mula sa programang ito. Maliban sa mga hayop ay tumanggap din sila ng iba’t ibang pasilidad at kagamitan sa paggagatas mula sa pagbabalikatan ng PCC, Department of Science and Technology at Central Luzon State University.

Noong Agosto 7, nakatanggap din ang Sustainable Dairy Association ng Palayan City ng 11 kalabaw.

Layon ng programang “buy-back” ng PCC na paramihin ang mga kalabaw na may
Sundan sa p.3



Tulong-tulong ang pamilya dela Pasion sa pag-aalaga ng kanilang mga kalabaw.

Sa hirap at ginhawa

Pagmamahalang mas tumibay dahil sa pag-aalaga ng kalabaw

Ni Ma. Cecilia Irang

Bukambibig ni Michael dela Pasion, 40, ng Brgy. Pesa, Bongabon na ang sanhi kung bakit nagiging madali para sa kanya ang pag-aalaga ng kanilang mga kalabaw ay dahil sa tulong at suportang ibinibigay ng kanyang asawang si Rhea, 31.

“Sabi ko nga para na rin akong nanalo sa lotto kasi ‘yong asawa ko suportado ako sa lahat ng bagay,” masayang sambit ni Michael.

Kwento niya, magkatulong silang mag-asawa sa lahat ng gawain sa pag-aalaga ng kalabaw mula sa pagpapaligo, paggagatas,

at pagdedeliver hanggang sa pagsasakate at pagpapastol.

Sa kasalukuyan, 16 ang inaalagaang kalabaw ng mag-asawa. Dalawa rito ang *native*, tatlo ang *purebred* na pahiram ng PCC at ang iba naman ay *crossbreds*.

Karaniwan silang nakakokolekta ng siyam hanggang 10 litro sa apat nilang ginagatasang kalabaw (dalawang *native* at dalawang *crossbreds*) na binibili sa kanila sa halagang Php50 kada litro ng Bongabon Dairy Producers Association, kung saan sila kasapi at si Michael ang nagsisilbing *chairman*.

‘Tandem’ sa pag-aalaga

Mula nang maorganisa ang kanilang asosasyon sa tulong at paghikayat ng *veterinary office* ng kanilang munisipyo noong Nobyembre 2016, naging pangunahing pinagkakakitaan na nila ang paggagatas ng kalabaw.

Mas tumindi pa ang kanilang pagpapagal sa pag-aalaga nang asistehan na sila ng PCC noong Pebrero 2017 at napahiraman ng mga kalabaw.

“Inilalaan naming mag-asawa ang maghapon namin sa pag-aalaga ng mga kalabaw. Nakatuon na kami

Sundan sa p.3

Pagpapaigting ng programang pagkakatlabawan sa Brgy. Buliran

Ni Estella Valiente



Kabilang sa mga isinagawa ng NIZ team ang *artificial insemination* sa mga kalabaw sa barangay Buliran.

Isang mahalagang layunin ng programang National Impact Zone (NIZ) sa Nueva Ecija ay ang pagbibigay ng pirmihang kita para sa mga magsasaka-maggagatas.

Mabilis itong maisasakatuparan kung ang mga maliliit na magsasaka ay magsasama-samang bubuo ng isang kooperatiba na ang negosyo'y salig sa kalabaw.

Sa kasalukuyan, nasa 1,600 na mga miyembro ng kooperatiba na ang nasa ilalim ng pagpapatnubay ng NIZ team at simula noong taong 2000 ay umabot na sa 5.6 milyong litro ng gatas ang nakapagbigay ng mainam na kita sa mga kasaping maggagatas.

Simula noong buuin ang konseptong NIZ, 50 kooperatiba at asosasyon ng mga maggagatas na ang naitatag sa 22 bayan sa Nueva Ecija.

Samakatuwid, laganap na ang programang pagpapaunlad ng lahi ng kalabaw at mga negosyong salig sa paggagatasan sa Nueva Ecija pa lamang. Nguni't ang pagpupunyagi ng PCC sa Nueva Ecija sa tulong ng tanggapan nito sa Central Luzon State University at ng NIZ team ay hindi nagmamaliw at hindi

naglulubay.

Sa katunayan, patuloy na pinaigting ng NIZ team ang pakikipag-ugnayan at pakikipag-balikatan nito sa mga opisinasang sangkot sa programa lalo na ang Provincial Veterinary Office (PVO) at mga Lokal na Pamahalaan ng Lalawigan (LGU) ng Nueva Ecija.

Pinaigting na pakikipag-ugnayan

Noong February 13, 2015 nang makipag-ugnayan sina Wilma T. Del Rosario (NIZ Coordinator), Dr. Peregrino Duran (Scientist I) at Estella P. Valiente (SRS II) sa tanggapan ng PVO na pinamumunuan ni Dr. Ernesto Romero.

Ito'y patungkol sa pagkuha ng tamang imbentaryo ng mga kalabaw sa Nueva Ecija. Naniniwala ang NIZ na ang maayos na imbentaryo ng mga kalabaw ay lubhang makatutulong upang paramihin ang mga magsasakang maaari pang makinabang sa programa at kalauna'y pataasin ang produksyon ng gatas ng kalabaw sa lalawigan.

Isa pa sa naging magandang resulta ng ugnayan kay Dr. Romero ay ang pagtukoy sa mga barangay at munisipyo na may maraming bilang ng kalabaw lalo na ng mga babaeng kalabaw. Ang mga matutukoy na lugar ang pangunahing pagtutuunan

ng mga teknikal na gawain patungkol sa wastong pangangalaga sa hayop at paggagatas.

Ayon kay Dr. Romero, ang Barangay Buliran sa San Antonio ay mayroong mahigit 300 na ulo ng mga mestisang kalabaw o *crossbred*.

Pinuntahan ng mga kawani ng PCC ang nasabing barangay at noon din ay kinumpirma ni Kapitana Rosalie Mendoza na ganoong bilang ng kalabaw nga ang mayroon sa kaniyang nasasakupan.

Unang hakbang ng pagpasok sa Barangay Buliran

Bilang panimula, nagsagawa ang grupo mula sa NIZ team ng talakayan kasama ang mga taong barangay upang maipakilala ang mga programa at serbisyo ng PCC na maaari nilang pakinabangan lalo na ang kabutihang dulot sa kabuhayan ng pamilya ang pagkakaroon ng gatasang kalabaw.

“Kung makikiisa po kayo sa programa ng PCC ay nakahanda po kami na magkaloob ng mga pagsasanay tungkol sa mga pinagbuting pamamaraan ng pag-aalaga ng kalabaw pati na rin ang mga tulong teknikal katulad ng pagpupurga, pagbabakuna, tamang pagbibigay ng bitamina at paglalagay ng *ear tag* sa mga kalabaw”, pagpapaliwanag ni Del Rosario.

“Maaari rin po kaming magsagawa ng *estrus synchronization* (ES) at *Artificial Insemination* (AI) upang mabuntis ang mga kalabaw sa inyong barangay”, dagdag na paliwanag naman ni Dr. Duran.

Naging mainit naman ang pagtanggap ng mga opisyaes ng Buliran sa mga inilalahad ng PCC kaya't noong Setyembre 14-15, 2016 isinagawa ang kauna-unahang pagsasanay para sa lahat ng may alagang kalabaw sa barangay.

Sa pagsasanay na ito ay naipaliwanag ng maayos ang tungkol sa benepisyo kung gagatasan nila ang kanilang mga kalabaw. Maraming maling pamahin rin ang naitama katulad ng paniniwala na masamang ipakain ang mais sa buntis na kalabaw,

bawal purgahin ang buntis na kalabaw at iba pa.

Matapos ito'y sumunod na ang mga gawaing AI, pagpupurga, pagbabakuna, pagbibigay ng bitamina at paglalagay ng *ear tag* sa bawat kalabaw. Tatlong grupo mula sa PCC, PVO at mga opisyaes ng barangay ang nagtulung-tulong upang matapos sa isang araw ang lahat ng mga serbisyong may kinalaman sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga alagang kalabaw sa barangay. Naitalang 163 kalabaw ang naserbisyoan.

Pagbuo ng kooperatiba

Sa isang pagpupulong kasama pa rin ang mga opisyaes ng barangay na pinangungunahan ni Kapitana Mendoza, nabuo ang samahan ng mga magkakatlabawan sa Buliran at si Rufino Joson ang napagkasunduang maging pansamantalang tagapanguna upang maisaayos ang pagpapatala ng samahan sa Cooperative Development Office ng lokal na pamahalaan ng San Antonio.

Napagkasunduan din ng mga magkakatlabawan na pangalanang “Samahan ng Maggagatas sa Isla Buliran” ang kanilang samahan.

“Napapalibutan po kasi ang aming barangay ng mga ilog, tulay lang ang nagdudugtong sa amin sa bayan ng San Antonio”, natutuwang pagpapaliwanag ni kapitana Mendoza.

Ayon sa NIZ team, ang Buliran ay mayroong katangi-tanging *resources* at iyon ay ang mataas na bilang ng mga kalabaw na maaaring pagyamanin at maging dagdag na pagkakakitaan ng mga magkakatlabawan kung sila ay maorganisa at mabibigyan ng patnubay ng PCC.

Positibo naman ang pananaw ni Kapitana Mendoza na pagkatapos maisagawa ang naunang pagsasanay ay mas magiging aktibo sa paglahok sa programa ng PCC ang mga magkakatlabawan sa kanilang barangay. ●



Para kina Rhea at Michael nagiging madali ang pag-aalaga ng kalabaw basta magkasama silang dalawa.

Pagmamahalang... mula sa p.1

rito dahil talaga namang may kahihinatnan,” ani Michael.

Nakakatulong din nila ang kanilang mga anak na sina Reymark, 16, Raymond, 13, Rico-Jay, 11 at Renan, 8, sa pag-aalaga sa tuwing walang pasok ang mga ito sa eskwelahan.

“Bonus” kung ituring ni Michael na katulong niya ang kanyang pamilya sa gawaing sinuong niya. Hindi kasi, aniya, lahat ng mga sumusubok sa pagkakalabaw ay suportado ng kani-kanilang pamilya at kung minsan ito ay nagiging hadlang pa para magpatuloy sila sa gawain.

Para naman kay Rhea, hindi niya kayang tiisin na nakikitang mag-isang nahihirapan ang kanyang asawa sa pag-aalaga habang siya ay nanonood lang at walang ginagawa.

Aniya pa, bukod sa pagmamahal niya sa kanyang asawa ay itinuturing na rin niyang “passion” ang pag-aalaga niya ng kalabaw.

“Araw-araw itong mga kalabaw namin, niyakap ko ‘yan. Ganoon kabukal sa puso ko ang pag-aalaga sa kanila. Nadiskubre ko na may kagalakan talaga sa pag-aalaga ng mga kalabaw,” ani Rhea.

Hindi rin ikinakaila ng mag-asawa kung paano sila natulungan ng kita sa negosyong salig sa kalabaw.

“May sinasaka kami noon pero inuutang lang din naman namin ‘yong ipinangagastos doon kaya wala rin halos natitira sa kita. Kung minsan naman, nakikidamo kami at nakikipalupot ng sitaw. Maghapon

na ganoon tapos ang kita ay Php200 lang tapos may mga anak pa kaming pinag-aaral,” kwento ni Rhea.

Aniya, magmula nang magpokus na sila sa paggagatas ay kumikita na sila ng karaniwang Php450 kada araw kaya’t natutustusan na nila ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Kapag kinapos naman ay magbebenta sila ng bulo.

Kung may libreng oras at may order, minsan naman ay gumagawa rin ng *pastillas*, *pasteurized milk* at *chocomilk* si Rhea. Inaapply niya ang natutunan niya sa pagsasanay na isinagawa ng PCC ukol sa paraan ng pagpoproseso ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

“Talagang nakagagaan ng pakiramdam kasi mayroon na kaming pinagkakakitaan. Masasabi ko talagang ‘yong mga kalabaw na namin ang bumubuhay sa’min ngayon,” pagmamalaki ni Rhea.

Mas pinatibay nga ng pag-aalaga ng kalabaw ang pagmamahalan ng mag-asawang Michael at Rhea dahil sa pamamagitan ng gawaing ito ay naging lubusan nilang sandigan ang isa’t isa.

Ayon sa kanila, sa mahigit isang dekada nilang pagsasama bilang mag-asawa ay wala pa silang matinding away na pinagdaanan dahil baun-baon nila sa kanilang puso at isipan ang mga katagang sinumpaang na sa “hirap at ginhawa” sa kahit anong gawain ay magkasama silang dalawa. ●

Mga piling miyembro... mula sa p.1

mataas na lahi sa Pilipinas kasabay ng pagbabawal sa pagkatay ng mga palahian at gatasang kalabaw. Ito ang dahilan kung bakit isinasalba ang mga kalabaw na balak sanang ibenta ng mga magsasaka.

“Sa pamamagitan ng programa, patuloy na mapaaangat ang produksyon ng masustansiyang gatas at inaasahang darami pa ang makikinabang dito katulad ng mga batang kalahok sa *milk*

feeding,” ani Del Rosario.

Ayon naman kina Mario Delizo at Myra Sheryll Dacwag, mga *Development Officer* ng NIZ, ang pagbibigay ng kalabaw sa mga asosasyon ay bahagi ng inisyatibo ng PCC na palawakin ang saklaw ng programa sa paggagatas sa buong Nueva Ecija at paramihin pa ang mga pakinabang at makikinabang dito.

Para sa mga kasapi ng asosasyon o kooperatiba ng mga magsasakang maggagatas na nais makatanggap ng kalabaw mula sa programang “buy-back”, kinakailangan ang mga sumusunod:

- ✓ Lumahok sa *Social Preparation Training* kung saan ipinaliliwanag ang pag-aalaga ng kalabaw at kontrata sa pagitan ng magsasaka, kooperatiba at PCC.
- ✓ Lumahok sa pagasasanay na pang-teknikal ukol sa *Basic Buffalo Management* na naghahanda sa magsasaka sa pag-aalaga ng kalabaw.
- ✓ Magbigay ng bahagi sa *Mortuary/Guarantee fund* na ambagan ng mga tatanggap ng kalabaw na siyang nagsisilbing garantiya ng PCC na hindi pababayaan ng mga magsasaka ang kalabaw.
- ✓ Koral o kulungan ng hayop na may malinis na mapagkukunan ng tubig at kasya ang kalabaw pati na ang isang magiging anak nito.
- ✓ Taniman ng *forage* o pakain sa kalabaw.



Si Leoncio Callo, isa sa mga matagumpay na magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng PCC, ay naanyayahan na maging isa sa mga tagapagsalita sa ginanap na pagsasanay ng Philippine Rural Development Project (PRDP) para sa mga kooperatiba ng Rehiyon 2.

Ang kanyang naging paksa ay “Revisiting the Entrepreneurial

Mindset” na kung saan ibinahagi niya ang kanyang matagumpay na karanasan sa negosyong salig sa kalabaw. Tinalakay din niya ang kahalagahan ng pagmomonitor ng “Return on Investment” para malaman ang pinansiyal na kalagayan ng negosyo kung kumikita at nababawi ang naging puhunan.
-Ni Micko Roa Dela Cruz

iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

PHILIPPINE CARABAO CENTER

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Ano ang *Leptospirosis* at saan ito nakukuha?

Ni Clarissa Odsigue

Kadalasang naiuugnay ang sakit na *Leptospirosis* sa tuwing tag-ulan lalo na kung may pagbaha. Nakukuha ito sa pagkalantad sa kontaminadong tubig, sa ihi ng may sakit na hayop, o maaari ring sa pagkain ng kontaminadong pagkain. Lubos itong nakahahawa at tinatawag na *zoonotic disease* o sakit na maaaring maipasa mula sa hayop patungo sa tao o mula sa tao patungo sa hayop.

Ang *Leptospirosis* ay dulot ng mikrobyong *Leptospira spp.* Ito ay madalas na nabubuhay sa mga basang lugar, katulad ng mga kanal o tubigan, sa mahabang panahon. Taliwas sa karaniwang haka-haka, hindi lamang sa ihi ng daga nakukuha ang *Leptospirosis* kundi pati na rin sa ibang hayop tulad ng aso, pusa, kalabaw, baka, o ibang ligaw na hayop. Nakapapasok ang mikrobyo sa katawan ng tao o hayop kung ito ay may mga sugat sa balat o sa pamamagitan ng pagkain o pag-inom ng kontaminadong pagkain o tubig. Ito ay tutuloy sa dugo at kakalat sa iba't ibang parte ng katawan kagaya ng atay, bato, suso, at matres.

Paano malalaman kung may *Leptospirosis* ang kalabaw?

Ang dugo at/o ihi ng kalabaw na kinolekta ay isinasalang sa iba't ibang pagsusuri kagaya ng MAT (*microscopic agglutination test*) at/o *nested-PCR* (*nested polymerase chain reaction*) sa laboratoryo upang makumpirma ang presensya ng mikrobyo.

Ano ang mga dapat gawin upang makaiwas sa *Leptospirosis*?

1. Iimbak ang mga *feeds* o pakain sa mga lugar na hindi napapasok ng mga daga
2. Ilayo ang mga alagang aso o pusa mula sa mga kalabaw
3. Ibaon o sunugin ang inunan galing sa nakunan na hayop
4. Magsagawa ng regular na *disinfection* sa kulungan at mga katabing lugar

Ano ang karaniwang senyales ng *Leptospirosis* sa kalabaw?



LAGNAT



PANINILAW NG MGA MATA AT BALAT



ANEMIA O PAGBABA NG PULA NG DUGO



MASTITIS



ABORTION O STILL BIRTH (MAAARING MAKITA MULA 4 HANGGANG 10 BUWAN)



INFERTILITY



MAHIHINANG BULO PAGKAPANGANAK



DUGO SA IHI

PATNUGUTAN

Patnugot Eric P. Palacpac | **Tagapamahalang Patnugot** Rowena G. Bumanlag | **Layout/Tagapamahala sa Isyung ito** Ma. Cecilia C. Irang | **Mga manunulat** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino | **Mga nag-ambag ng artikulo** Micko Roa Dela Cruz, Clarissa A. Odsigue, Estella P. Valiente | **Tagapamahala sa Sirkulasyon** Chrissalyn L. Marcelo | **Tagapayo** Wilma T. Del Rosario | **Kasangguni** Anselmo S. Roque | **Pinunong Tagapagpaganap** Arnel N. Del Barrio